


Poverty Bay Side Sewer Repair Rebate Program



Narito ang aking side sewer?

Ang “side sewer” ay isang tubo na pribadong pagmamay-ari na nagdadala ng maruming tubig mula sa mga lababo, drain, o inidoro ng isang gusali patungo sa pangunahing linya ng pampublikong imburnal. Kung ikaw ay nagmamay-ari ng bahay o gusali, ikaw ang may-ari ng side sewer hanggang sa ito ay kumonekta sa tubo ng imburnal.



Ang mga problema sa side sewer ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan mo at ng iyong pamilya


Naglalaman ang dumi sa imburnal ng mga nakapipinsalang mikrobyo, bayrus, o pathogen na may dalang panganib sa kalusugan ng iyong pamilya. Ang mga maaayos na side sewer (walang mga biyak o pagbabara) ay kasiguraduhang hindi tatagas ang imburnal sa labas ng tubo. Ang mga problema sa sewer ay maaaring dulot ng:



Mantika o sebo mula sa paghahanda ng pagkain na naipon sa mga tubo.



Mga ugat ng puno o halaman na tumubo sa mga biyak o butas - lalo na sa mga lumang tubo.



Mga bagay, tulad ng nai-flush na basura o iba pang mga materyales na hindi nabubulok, na naipon at nagdulot ng pagbabara



Kalumaan - bumagsak, umusog na mga dugtungan, o mga lumang materyales ay maaaring magdulot ng mga problema sa side sewer.

Makatipid ng hanggang \$5,000 kapag ipinakumpuni mo ang iyong side sewer para sa:

- ✓ Pagdidiskonekta sa mga roof downspout o sump pump mula sa iyong side sewer
- ✓ Pagseselyo sa mga tumatagas na tubo ng side sewer
- ✓ Paglalagay ng takip sa side sewer cleanout

Kung ikaw ay parokyano ng Midway o Lakehaven Sewer District, mag-apply para sa rebate sa www.kingcounty.gov/picrebate mag-apply para sa rebate sa www.kingcounty.gov/picrebate